

# PANIMULA



**P**usikit ang karimlan ng gabi. Nagtatago ang buwan sa likuran ng makapal na mga ulap. Sa isang ilang na pook, may mga taong nagsisigawan. Galit. Nagtutungyaw. Marami sila, babae't lalaki. Karamihan sa kanila ay may hawak na sulo upang magsilbing tanglaw sa kadiliman ng gabi patungo sa isang lugar. Sa gitna ng parang, doon sila tumigil at nagkumpol-kumpol.

Hindi lubos na maunawaan ni Carol ang mga pangyayaring nagaganap. Biglaan iyon. Napakabilis. Sa edad niyang labintatlong taon, ang lahat ng mga kasalukuyang nangyayari ay pawang mga katanungan sa mura niyang isipan. Sa bawat sigaw na kanyang naririnig buhat sa malayong kinatatayuan nila, ang tanging naiintindihan niya ay.... "SUNUGIN! PATAYIN!"

Patulak na ibinagsak sa lupa ng mga may buhat rito ang isang lalaki at isang babae. Parehong nakagapos, nanlulupaypay na ang dalawa sa pagod at hirap, at sa sakit ng katawan dahil sa parusang tinamo. Parehong sugatan ang dalawa. Duguan halos ang buo nilang katawan. Mababakas sa kanilang mukha ang sindak at takot. Pilit man nilang iwinawaksi mula sa kanilang isipan ang lahat ng nagaganap, at takdang maganap pa, patuloy na nagdudumilat sa kanilang harapan ang katotohanang ito na ang kanilang wakas. Ito na ang huling takda ng kanilang buhay.

"Maawa kayo sa amin!" ang palahaw ng babae. Nanginginig ito sa takot. Humihingi ito ng awa. Subalit

pawang mga bingi, galit at tila mga hayok ang lahat ng mga taong nakapalibot dito. Walang puwang ang awa na ipinagsusumamo nito.

Walang ekspresyong mababanaag sa mukha ng kasama nitong lalaki. Para bang alam nitong ganito ang kahahantungan nilang mag-asawa, na sa malao't madali ay magaganap sa kanila ang ganitong karumaldumal na pangyayari. Tanggap nito ang lahat ng nangyayari, maging ang nakaambang na kamatayan.

Muli ay kinaladkad ng mga tao ang dalawa patungo sa isang punong patay na napapalibutan ng mga siit at mga tuyong dahon. Pinagtulungan ng mga ito na itali ang dalawa roon nang magkatalikod. Patuloy sa pagsusumamo at pagmamakaawa ang babae. Tahimik lang ang lalaki na paminsan-minsan ay nanlalaban ngunit walang magawa sa dami ng taong nagtutulung-tulong upang igapos sila.

Binigyang daan ng mga tao ang isang lalaking may bitbit na lata. Isinaboy nito ang laman niyong gaas sa paligid ng punong kinagagapusan ng mag-asawa. Matapos ay inabutan ito ng isang sulo. Masusi nitong tinitigan ang dalawang nakagapos. Kitang-kita ang sindak sa mukha ng mga ito, ang pagmamakaawa. Ang kawalang pag-asa.

Marahang inilibot ng lalaking may dalang sulo ang paningin nito sa buong paligid. Iba't ibang reaksyon buhat sa mga taong nakapaligid ang nakita nito. Karamihan ay mga galit, may ilang naaawa, may natatakot, may ilang may ngiti ng tagumpay. Subalit alam ng lalaki na sa kaibuturan ng kanilang puso at pagkatao, lahat sila ay nagkakaisa sa hangarin—ang patayin ang dalawang nakagapos.

Idinikit nito ang hawak na sulo sa tuyong dahon at

mga sanga. Agad iyong nagliyah at naglagablab. Agad na lumaki ang apoy.

Patuloy sa pagpalahaw ang babae. Nagpipilit namang makawala ang lalaki. Naglayuan ang mga tao upang hindi madarang sa apoy. Buhat sa hindi kalayuang kanilang kinalalagyan ay doon sinaksihan ng mag-abuela ang pagka-sunog ng dalawa.

Kitang-kita ni Carol, buhat sa kubling lugar sa di kalayuan na kinatatayuan nila ang lahat ng nagaganap. Dinig na dinig niya ang bawat palahaw at pagmamakaawa ng kanyang ina, ang pagsusumikap ng kanyang ama na makakawala. Ang paghihirap ng dalawa. Dinig niya ang kalunos-lunos na mga sigaw, ang naglalagablab na apoy, ang sigawan ng mga tao.

Ang mga huling sigaw ng paghihirap ng kanyang mga magulang.

Ang sumunod na katahimikan.

Ang kadiliman.

Wala na halos makita ang luhaang mga mata ni Carol. Iyon lang ang kanyang magagawa, ang umiyak. Ang umiyak nang umiyak. Gusto niyang sumigaw, sumigaw ng buong lakas. Gusto niyang magwala. Gusto niyang pagbabatuhin ang mga taong pumatay sa kanyang mga magulang. Gusto niyang pagkakalmutin at pagsisipain ang mga taong iyon. Gusto niyang lapitan at tulungan ang mga magulang niyang nilalamon ng apoy. Nais niyang tanungin ang mga naroon kung bakit nila ginaganito ang kanyang mga magulang. Nais niyang magmakaawa. Ngunit hindi niya magawa. Siya man ay hapung-hapo na sa kapiglas upang makakawala sa mahigpit na yakap ng kanyang abuela. Mahigpit ang hawak nito sa kanya at takip ng isa nitong palad ang kanyang bibig upang hindi siya makasigaw. Hindi siya

makapalag, hindi siya makakawala.

Malakas na palahaw at pagbubunyi ng mga tao ang narinig ni Carol. Hindi na rin iyon nagtagal. Patuloy ang pagliliyab ng apoy. Ilang sandali pa, nagsialisan na ang mga tao, papalayo nang papalayo sa luhaang mga mata ni Carol. Hanggang mawala na lahat ang mga iyon sa paningin nilang mag-abuela.

Buong akala ni Carol ay lalapitan nila ang mga labi ng kanyang mga magulang, ngunit sa buong pagtataka ng bata ay pakaladkad siyang hinila ng kanyang abuela papalayo sa lugar na iyon. Ni hindi nila nilapitan upang tingnan man lamang ang labi ng dalawa.

Anak ng lola niya ang tatay niya. Mga anak nito ang mga nasawi? Bakit?

Mga katanungang nagsasalitan sa murang isipan ni Carol habang patuloy nilang tinutugpa ng abuela niya ang daan sa ilalim ng pusikit na karimlan. Hawak siya sa kamay ng matanda. Ramdam na ramdam niya ang lakas nito. Napakalakas.

Papalayo sila, palayo nang palayo...



**M**abilis ang kanyang paghinga. Sakmal siya ng labis na sindak at takot. Butil-butil ang pawis sa buo niyang katawan.

Pasumandaling tumigil si Carol sa kanyang mabilis na pagtakbo. Lumingon siya sa kanyang pinanggalingan sabay hawi sa mahaba niyang buhok na halos ay tumatakip na sa buo niyang mukha. Ramdam niya ang pananakit ng kanyang mga paang walang sapin. Hindi katulad noon, noong siya ay bata pa, kaya niyang tahakin kahit madawag at masukal na bukirin. Iba na ngayon. Ibang-iba.

Wala siyang maaninaw dahil napakadilim ng buong paligid. Nagtatayugan ang mga gusali sa kapaligiran at napakadilim ng iskinitang kinaroroonan niya. Alam ni Carol na kailangan niyang mabilis na tumakbo. Kailangan niyang makalayo sa lugar na iyon. Kailangan niyang matakasan ang mga humahabol sa kanya. Kailangan niyang makaligtas, alang-alang sa kanyang pamilya, sa kanyang panganay na anak na si Jenny at sa bunso nilang anak na si Bruce at sa minamahal niyang asawang si Peter.

Hindi niya alam kung anong direksiyon ang tinutungo niya, subalit hindi na iyon mahalaga para kay Carol. Ang mahalaga at ang kailangan niya ay ang makalayo.

Buhat ng saglit na pagpapahinga ay panibagong lakas ang suma-kanya. Mabilis siyang tumakbong muli sa hindi niya mawaring direksiyon. Bahala na. Basta't

ang kailangan lamang ay makalayo siya.

Mula sa lugar na pinanggalingan ay muli niyang naulinigan ang mga kakaibang hunihan, mga yabag, at ang pagaspas ng mga pakpak. Mas tinulinan niya ang pagtakbo. Hindi na niya iniinda ang sakit ng kanyang mga paa, ang pagod. Manhid na siya sa mga iyon. Putikan na ang suot niyang robang pantulog. Basang-basa na siya sa pawis. Bale-wala na sa kanya ang lahat ng iyon. Ang mahalaga ay makarating siya sa isang ligtas na lugar. Doon sa kanilang tahanan, sa piling ng kanyang asawa't mga anak.

“Diyos ko po, nasaan kaya sila?” sambit niya sa sarili.

Ngunit habang binibilisan niya ang pagtakbo ay papalapit naman nang papalapit ang mga yabag at kakaibang mga huni buhat sa kanyang likuran. Papalakas nang papalakas. Palapit nang palapit.

Bigla, mula sa kanyang likuran ay nakarinig siya ng malakas na pagaspas ng mga pakpak na mabilis na dumarating.

Nang sa pakiramdam ni Carol ay kikap-mata na lamang ang distansiya niya sa pinanggalingan ng tunog at anyong dadagitin na siya ay bigla siyang pasubasob na dumapa sa daang tinatakbuhan niya. Damang-dama niya ang malakas na hangin na likha ng mga pakpak na dumaan sa ibabaw niya. Lumagpas ang mga iyon, ngunit alam ni Carol na babalikan siya. Nahintakutan siyang muli dahil malapit na ang mga huni at mga yabag sa kanya. Nakita niyang matuling lumalapit ang nag-aapoy na mga mata na iba't iba ang sukat. Marami.

“Malapit na sila.”

Muling binirahan ng matuling takbo ni Carol

upang makakalayo siya sa pook na iyon. Malayo na rin ang kanyang natatakbo bago niya mamalayang dead end ang lugar na kanyang napuntahan nang mabungaran ang isang mataas na pader. Nalito siya at nagpalinga-linga. Tinangka niyang bumalik ngunit malapit na ang mga yabag at mga huning humahabol sa kanya. Pumihit siya at tinangkang akyatin ang mataas na pader. Napasigaw siya sa gulat at takot nang maaninaw niyang naroon na at nakaupo na sa ibabaw ng pader ang isang uri ng halimaw na may kakaibang itsura at mga pakpak. Muli siyang pumihit patalikod, ngunit nandoon na rin sa daraanan niya ang iba't ibang uri ng mga halimaw na nakaharang sa harapan niya. Napalilibutan siya. Wala na siyang mapupuntahan. Sukol na siya. Pasalikop silang lumalapit sa kanya. Gimbal na gimbal si Carol. Wala siyang pagpipilian. Iisa lang ang kanyang pwedeng gawin. Buong takot siyang sumigaw.



“Carol!” sigaw ni Peter habang mariing niyuyugyog ang asawa upang magising. Ngunit patuloy pa rin sa malakas na pagsigaw ng babae. Isang sampal buhat kay Peter ang nagpanumbalik sa kamalayan ni Carol. Bigla siyang tumahimik.

Nanginginig siya. Yakap siya ng kanyang asawa. Maliwanag ang paligid. Nasa kama silang dalawa sa loob ng kwarto nila. Wala ni anumang bakas ng katatakutan. Napasubsob siya sa dibdib ng kanyang asawa.

“What’s happening to you? You’ve been having bad dreams every night. Is there something bothering you, honey?” tanong ni Peter.

“No. Nothing, honey. I just... I need to take a bath,”

nakangiti niyang tugon.

Bumukas ang pinto ng silid nila at patakbong lumapit ang batang si Bruce sa mag-asawa. Ang panganay nilang anak na si Jenny naman ay tahimik na nakatingin sa kanila buhat sa nakabukas na pintuan ng kanilang silid habang kalong ang alaga nitong poodle na si Spicky.

“Mom, I heard you scream again,” ani Bruce sa ina at naglalambing na yumakap sa kanya.

“It was nothing, darling. Your dad just showed me a mouse,” pabirong tugon ni Carol sa anak kasabay ng pagtingin sa ibabang bahagi ng katawan ni Peter na kasalukuyang nakasuot ng pajama.

Napangiti ang asawang agad na nasakyan ang sinabi niya. Dinampot ni Peter ang unan sabay hampas niyon kay Carol na natawa nang malakas.

Nalito si Bruce sa inaasal ng dalawa. “Where’s the mouse, Daddy? Is it a big mouse?”

Umiiling na tumayo si Peter.

“Okay, Bruce,” anito sabay linga kay Jenny sa labas ng pintuan. “Jenn, go back to your rooms. Your school bus will pick you up early today, remember?”

“It’s Sunday today,” reklamo ng bunso.

“Never mind. Just go back to bed,” diin ni Peter.

Mabagal ng tumalikod si Jenny at tinungo ang silid nito. Nagmamaktol na sumunod na rin si Bruce. Natatawang sinundan sila ng tanaw nina Carol at Peter.



Mahimbing nang natutulog si Peter ay gising pa rin si Carol.

“Tama siya,” aniya sa sarili. Totoong may bumabagabag sa kanyang kalooban. Totoong mayroon siyang isipin na hindi niya kayang ipagtapat kay



Peter. Mahigit isang linggo nang sunod-sunod na gabi na nakakaranas siya ng masasamang panaginip at pangitain.

Hindi siya makatulog nang maayos at kita na sa mukha niya ang pagod. Nangangalumata na siya. Ang idinadahilan niya ay ang kanyang trabaho bilang isang nurse, pero alam niya ang dahilan.

May kung anong makirot na damdamin ang dagling rumagasa sa kanyang katauhan. Sagad sa kalamnan, deretso hanggang kaluluwa ang sanhi ng kanyang isiping iyon. Lumakas ang kabog ng kanyang dibdib. Nanginig ang kanyang kalamnan. Gusto niyang kapusin sa paghinga subalit mabilis niyang ipinagsawalang-bahala ang isiping iyon. Tinanggal niya ang takot sa kanyang sarili. Nagpakatatag siya. Ayaw niya iyong isipin o kahit bigyang pansin man lamang.

“Wala. Lahat ng iyon ay wala,” ang pilit na sambit ni Carol sa kanyang sarili.



Martes ng umaga, mag-isa si Carol sa bahay. Nasa eskwelahan ang kanyang dalawang anak at naka-duty naman ni Peter nang mga oras na iyon bilang isang pulis. Naglilinis at nag-aayos siya ng kanilang salas nang kumiriring ang doorbell sa labas. Tinungo niya ang pintuan, lumabas doon at dinako ang gate nila.

“Telegram for Mrs. Shimmers!” bungad agad ng lalaki sa labas, hawak ang isang sobre.

Inabot ni Carol ang telegrama. “Thank you.”

Umalis na ang delivery man. Tiningnan niya kung kanino galing iyon. Agad siyang pinanginigan ng laman at ginitawan ng malamig na pawis nang mabasa kung saan at kung kanino galing ang telegrama. Namutla siya. Mabilis siyang pumasok ng kabahayan

nila. Isinara niya ang pintuan. Ini-lock niya iyon sa pangambang baka may makakita sa kanya.

Galing sa Pilipinas ang telegrama. Pangalawa na ang telegramang hawak niya ngayon ngunit hindi tulad ng nauna na hindi niya binasa, lakas-loob niyang binuksan ang telegramang hawak. May kung anong malamig na hangin ang umihip sa kanya sanhi upang makaramdam siya ng ginaw habang binabasa niya ang telegrama. At tulad ng naunang telegrama ay muli niya itong pinagpunit-punit at sinunog sa kalan. Ayaw niyang may makakitang kahit sinuman sa mga mensaheng natanggap niya buhat sa Pilipinas, lalong-lalo na ang kanyang mga anak. Lalong-lalo na si Peter...



Maagang umuwi si Peter ng hapong iyon. Masayang sinalubong ni Carol ang asawa. Ginawaran niya ito ng halik. Gumanti ito at masuyo silang naghalikan na para bagang bago silang kasal. Maligayang-maligaya siya sa piling ng kabiyak. Bigla, umihip ang napakalakas na hangin sa loob ng kabahayan nila. Lumakas nang lumakas hanggang sa magtalsikan na ang mga kasangkapan nila sa kabahayan. Hindi makahuma at hindi malaman ng mag-asawa ang kanilang gagawin. Kumapit ng mahigpit si Carol sa isang bahagi ng kabahayan upang hindi siya matangay ng hangin. Si Peter naman ay nakayukong naninimbang sa may salas upang hindi ito mabuwal at tangayin ng hangin. Kakatwang ang salas lamang na kinaroroonan nilang mag-asawa ang sentro ng napakalakas na hangin. Sinikap ni Peter na isaayos ang mga kasangkapan. Subalit malakas ang hangin. Hindi nito maapuhap ang mga kagamitan na patuloy na sinisiklot ng malakas na hangin. Buhat sa kinatatayuan ni Carol ay kitang-

kita niya nang umangat nang kusa ang lampshade sa kinapapatungan nito, at parang may sariling isip na lumutang sa hangin papalapit kay Peter na ang tangka ay hampasin ito sa ulo mula sa likuran.

“Huwag!” ang malakas na sigaw ni Carol sabay palahaw ng iyak.

Sukat doon, unti-unting humina ang malakas na hangin at nagbagsakan ang mga kagamitang nakalutang sa ere. Isang kikap-mata lamang at animo’y walang nangyari sa loob ng bahay kung di lang nagkalat ang mga basag na kasangkapan.

Takang-taka si Peter sa pangyayari. Nanatiling tahimik si Carol.



**B**anayad na bumaba ang sasakyang pang-himpapawid ng *Philippine Airlines* sa runway ng *Ninoy Aquino International Airport*. Mababakas ang kasiyahan ng lahat lalong-lalo na doon sa mga Pilipinong balikbayan na kung ilang taon ding nagtrabaho sa ibang bansa at matagal nang hindi nakakauwi at hindi nakita ang inang bayan. Tanggal ang yamot at pagkainip ng lahat sa mahabang paglalakbay maliban kay Carol na malalim pa sa dagat ng Surigao ang iniisip.

Bagama't nasa lupa na ang eroplano ay patuloy pa ring nakasindi ang "FASTEN YOUR SEAT BELT" at "NO SMOKING" signs. Patuloy pa ring nakaupo ang lahat para sa kanilang kaligtasan. Tanging ang mga nasa kalapit ng mga munting bintana ang malayang nakakapanood ng mga tanawin sa labas ng eroplano.

Ilang sandali pa at nakakabit na ang eroplano sa tubong lagusan ng mga pasahero. Kanya-kanyang kuha ng kani-kanilang mga bagahe at mga dala-dalahan ang lahat. Isa-isang nagbabaan ang mga pasahero at tinunton ang mahabang pamilya patungong immigration. Sinalubong sila ng mga tugtugan at awitan ng mga Pilipinong musikero.

"Musikang Pinoy," may pagmamahal at pagmamalaking sambit ni Carol sa sarili.

Nakipila siya sa pilahan para sa formality requirements ng Customs at Immigration. May isang oras din halos ang kanyang ipinaghintay bago naayos

at natatakan ang kanyang pasaporte. Naalala lang niyang magpapalit ng dolyar sa money changer sa loob ng paliparan. Pagkatapos ay dinala na niya ang hand-carry niya palabas. Ilang araw lang siya sa Pilipinas kaya kaunti lang ang dala niya. At wala rin naman siyang mga kaibigan dito para dalhan ng pasalubong.

Sinamyong niya ang hanging Pilipinas. Napakaraming tao ang nabuglawan niya paglabas niya. Napakaraming sumalubong sa kani-kanilang kamag-anak at mga mahal sa buhay. Sinalubong siya ng isang fixer ng mga sasakyan, at nang magkasundo sa presyo, sinamahan siya nito sa may labasan at sandaling naghintay para sa kotseng susunuan niya.

Pumarada ang isang sasakyan sa tapat niya. Binuksan naman ng taong kausap niya ang pinto upang makalulan siya.

“Ahhh, it’s been fifteen years,” bulong ni Carol sa sarili habang umuusad ang sasakyan.

Minsan pa niyang sinulyapan ang pinanggalingan niyang paliparan. Sa kabila ng kung anupaman, ay hindi niya maitatatuwa sa kanyang sarili na siya man ay nananabik na muling masilayan ang kanyang lupang tinubuan. Gumaan ang kanyang pakiramdam. Napakaraming pagbabago ang kanyang napuna habang tumatakbo ang sasakyang kinalululanan niya. May kung anong kapangyarihan ang humaplos sa kanyang damdamin. Napakagaan ng kanyang kalooban.

Nilandas nila ang kahabaan ng Airport road. Dinaanang nila ang *Nayong Pilipino*.

“Balikbayan po ba kayo, ma’am?” kaswal na tanong ng driver sa kanya.

“Ha? Ah eh, oo,” tugon ni Carol.

“Buti pa kayo, ang sarap-sarap ng buhay n’yo.

Pabalik-balik lang kayo dito sa 'tin sa Pinas. Ang laki siguro ng kinikita n'yo ano? Dollars kasi. Malamang ang sasarap din ng kinakain n'yo do'n sa abroad. Ubas, mansanas... Kami dito sa Pinas, heto nagtitiis sa konting suweldo at kahit ano lang na pagkain. Kulang na kulang pa para sa ikabubuhay ng pamilya ang kita," malungkot na litanya ng driver kay Carol.

Hindi na ito pinakinggan ni Carol kahit pa nagpatuloy sa pagsasalita ang driver. Nilibang niya ang sarili sa mga tanawing dinaraan nila. May mga bago at may mga dati na. Matagal din niyang hindi namasdan at marahil ay matagal na muli niyang makikita pag-uwi niya ng America.

Alam na niya ang tungkol dito, ang drama ng mga airport drivers. Ilan na ba ang mga Pilipinong umuwi at nagbalikbayang kaibigan at kakilala niya? Si Menchu, si Nestor, si Buddy, si Aireen, ang mag-asawang Luz at Lito—marami na.

Ang masaklap ay ang mag-asawang Merriam at Ernie. Gabi nang dumating ang dalawa at na-hold up.

"At alam mo, ma'am? Kahit ano'ng gawin naming kayod dito sa Pinas ay hindi pa rin magkasya ang kinikita namin. Minsan nga tuloy, naiisip naming parang hindi kami anak ng Diyos."

Napabuntung-hininga si Carol sa narinig buhat sa driver.

"Pati Diyos," anas niya sa sarili.

"At sino ba naman ang matutuwa—"

"Siya, siya, tama na," agap ni Carol para maputol na ang litanya ng driver. "Tama na ba ang lima?"

"Gawin n'yo nang sampu, ma'am," nakangiti nitong tugon.

Tumango si Carol bilang pagsang-ayon at

tumahimik na ang driver.

Hindi nagtagal ay dumating na sila sa bus terminal na sasakyan ni Carol papuntang probinsya. Matapos maibigay sa driver ang pangako niyang tip ay sumaludo pa ito bago tuluyang umalis. Napangiti siya sa inasal nito.

Agawan ang mga porters para alukin siya ng tulong, pero umiling si Carol at mag-isa niyang inakyat ang kaunti niyang dala sa bus. Doon siya sa hulihan naupo.

Hindi nagtagal ay napuno na ng pasahero ang bus. Umusad na itong papalabas ng terminal. Saka pa lamang napanatag ang kalooban ni Carol. Noon lamang siya nakaramdam ng pagod. Malayo rin ang kanyang nilakbay. Los Angeles, California to Manila, Philippines. Mahigit pang apat na oras ang biyahe ng bus patungong Atimonan, Quezon.

Halos ay walang ipinagbago. Maliban sa sanga-sangang overpass sa Pasay papuntang South Super Highway, makalipas ang mahigit na labinlimang taon ay ganoon pa rin ang tanawing makikita sa kanilang dinaraan.

Pagkaliko sa *Magallanes Theater* ay matulin nang naglandas ang bus sa kahabaan ng highway. Animo ay nakikipagkarera ang bus sa ibang mga sasakyang bumabagtas sa naturang daan ngunit wala roon ang kanyang isip. Wala sa tanawin sa labas. Wala sa mga kapwa niya pasaherong lulan ng bus. Naroon iyon sa California.

Inihatid siya ng pamilya niya sa departure area ng *Los Angeles International Airport*. At sa sandaling panahon ay nangungulila na siya para kay Peter, ang tanging nilalang na para sa kanya sa mundong ito.

Marahan niyang nahaplos ang kanyang mga labi. Naroon pa ang bakas ng mainit na mga halik ng asawa nang magpaalaman sila noong ihatid siya ng kanyang pamilya sa airport. Maging ang yakap nito ay damang-dama pa ni Carol.

*“Come home soon, honey. I’ll miss you very much,” buong pagsuyong bulong ni Peter sa kanya.*

*“I will, honey,” sagot niyang naglalambing.*

*Umayon sa kanya ang dahilan ng asawa na hindi siya masasamahan nito sa kanyang pag-uwi sa Pilipinas dahil sa trabaho at dahil walang kasama ang dalawa nilang mga anak na nag-aaral pa.*

*Biglaan kasi ang pag-alis niya, wala sa plano. Sa susunod na lang sila sama-samang magbabakasyon sa Pilipinas. Iyon ang usapan nila. Subalit ang totoo ay ayaw namang talagang isama ni Carol ang sinuman sa kanyang pamilya. May malalim siyang personal na dahilan.*

*Tulad ng dati, masigla ang bunso nilang anak na si Bruce nang papaalis na siya sa Los Angeles. Napakalambing nito sa kanya. Sampung taon na si Bruce, malikot, masigla, bibo at matalino. Yumakap sa kanya ang anak at ginawaran siya ng halik, bago nakangiti siyang sinabihan ng “I love you, Mom, buy something for me ha.”*

*“Yes, darling, I promise. I love you, too,” nakangiti rin si Carol sa kabila ng nadarama niyang lungkot.*

*Isang matipid na halik at matabang na “Bye, Mom” naman ang pabaon ng labing-tatlong taong gulang na si Jenny.*

Ah, si Jenny. Hindi malaman ni Carol ang tunay na dahilan kung bakit malamig ang pakikitungo nilang mag-ina sa isa’t isa. Hindi naman sila magkaaway



pero hindi rin sila sweet sa isa't isa. Parang may isang malamig na pader sa pagitan nila.

Madalas itanong ni Carol kung bakit ganoon. Marahil ay ganoon din si Jenny. Pero sa likod ng isip niya, alam niya ang tunay na dahilan, ang kasagutan sa tanong kung bakit ang lamig ng relasyon nilang mag-ina.

Walang pagsidlan ang kaligayahan ni Carol nang ikasal siya kay Peter. Isa itong full-blooded American. Gayunpaman, hindi tumutol ang mga magulang nito nang magpakasal silang dalawa.

Mahal na mahal niya ang napangasawa. At alam niyang gayon din si Peter sa kanya. Asikaso niya ito at napakalambing niya rito, at ganoon din si Peter sa kanya. Hindi napagbago ng panahon, kahit may mga supling na sila, ang pagmamahalang ito. Lalo lang nilang minahal ang isat-isa.

Lubusan ang naging kaligayahan ng mag-asawa nang ipagbuntis ni Carol ang una nilang anak na si Jenny. Lahat ay magkatulong nilang inayos mula sa kagamitan ng sanggol hanggang sa silid ng bata. Excited na excited silang mag-asawa sa nalalapit na pagsilang ng panganay.

Subalit ilang araw bago magsilang si Carol ay naratay sa karamdaman ang may edad nang ina ni Peter. Nahati ang oras ng asawa. Lihim niya iyong ipinagngingitngit dahil nagselos siya sa atensyon at pag-aaruga ni Peter sa ina nito. Ayaw niyang may kahati sa pagmamahal ng asawa. Kahit ang ina pa nito.

Hindi nagtagal ay namatay ang ina ni Peter. Kasabay ng libing nito ay nanganak si Carol kaya wala sa tabi niya ang asawa. At dahil doon ay ibayong hirap ang sumakanya sa kanyang panganganak. Ang usapan

ay dapat naroon ito sa tabi niya sa oras na isilang niya ang kanilang anak. Dahil tulong silang dalawa sa pag-buo ng sanggol sa sinapupunan ni Carol ay dapat ding tulong sila sa panganganak niya.

Nang matapos ang libing ng ina nito, hangos naman itong sumugod agad sa ospital, pero natutulog na siya nang abutan siya ng asawa. Nagising siya nang mahina nitong ibulong ang pangalan niya. Agad na nawala ang sama ng loob niya rito. Umangat ang sulok ng maputla niyang mga labi sa isang ngiti sa kamalayang nandoon na sa kanyang tabi si Peter.

Marahang pinahid ni Peter ang luha sa kanyang mga mata. At ang makapangyarihang tibok ng pag-ibig ay dumadagundong sa kanyang dibdib. Alam niyang kapuwa nila ramdam iyon. Dinig nila ang tibok ng puso ng isa't isa at kay sarap na madama iyon, ang mahalina ka ng taong mahal mo.

Nasa gayon silang ayos nang pumasok ang isang nurse, karga ang bagong silang nilang sanggol.

*"It's a baby girl," wika ng nurse at inilagay sa tabi ni Carol ang sanggol. Matapos niyon ay lumabas na ito ng silid.*

*Maligayang pinagmasdan ng mag-asawa ang kanilang supling.*

*"She is beautiful," ani Carol.*

*Titig na titig si Peter sa kanilang anak.*

*"Jenny. Jenny ang ipapangalan natin sa kanya. Hango sa pangalang Jennifer ng yumao kong ina," parang wala sa sariling wika ni Peter bago ito tumungo para buong pagmamahal na halikan ang noo ng sanggol. "Kapalit ka niya."*

Biglang napalitan ng selos at galit ang pagmamahal at tuwa sa puso ni Carol. Poot at pagkasuklam ang

umukilkil sa kanyang isipan. Ayaw niyang may ibang mahal si Peter maliban sa kanya lalo pa't hihigit ang pagmamahal nito para roon kaysa sa pagmamahal nito sa kanya. Lihim niyang kinasusuklaman ang ina nito noong nabubuhay pa ang matanda dahil sa atensiyong iniuukol ni Peter dito. Ngayon naman, ang sanggol na anak naman nila ang magsisilbing kaagaw niya.

Sa kalooban niya ay lihim siyang naghihimagsik. Hindi siya makapapayag na may kaagaw siya sa pagmamahal ng asawa kahit pa sa sarili niyang anak.



Naputol ang mga alaala ni Carol nang tumigil ang bus para mag-stopover sa Batangas. Hindi niya namalayan n na malayo na pala ang kanilang narating. Nagsibabaan ang ibang pasahero para bumili ng makakain at upang tugunin ang tawag ng kanilang pangangailangan. Hindi na siya bumaba dahil nag-aalala siya sa kanyang mga dala-dalahan. Bumili na lamang siya ng soft drink sa vendor na umakyat ng bus nang makaramdam siya ng uhaw. Mainit sa loob ng bus. Hindi kayang lubos na sugpuin ng airconditioning system ang init ng katanghalian. Makaraan ang ilang sandali ay muling nagsilulan ang mga pasahero matapos maisagawa ang kani-kanilang pangangailangan at muling nagpatuloy ang bus sa pagbiyahe.

Matiwasay at palagay na ang loob ni Carol ngayon. Pakiramdam niya ay para bang isa na rin siya sa mga pasaherong araw-araw o linggo-linggong lumuluwas ng Maynila at umuuwi ng probinsya. Tipid na nginitian ni Carol ang babaeng katabi niya na para bang kasasakay lamang nila sa bus. Ngumiti rin ito sa kanya.

“Sa Atimonan ka rin?” tanong ni Carol.

“Hindi, sa Gumaca ako,” sagot ng babae.

Iyon lang at nagkuwentuhan na ang dalawa. Madali silang nagkapalagayan ng loob. Nag-aaral sa kolehiyo sa Maynila ang kausap niya. Uuwi ito ng Gumaca upang humingi ng allowance sa mga magulang. ‘Yun lang ang malinaw kay Carol. Ang iba nilang napag-usapan ay pawang pangkaraniwang usapang-babae.

“Iba na pala ang daan dito ngayon. Bago na ba?” nagtatakang tanong ni Carol sa katabi.

“Matagal-tagal na rin ang diversion road na ito, pero marami pa rin ang nagdaraan sa Bitukang Manok,” sagot ng babae sa kanya.

Mula sa lugar na iyon ay malapit na ang baryong pupuntahan ni Carol. Kumuha siya ng dalawang pirasong chocolates sa bag niya at iniabot ang mga iyon sa katabi.

“Naku, thank you,” tuwang sambit ng babae.

“Ano’ng pangalan mo?”

“Dolores, Dolores Eleazar.”

Biglang may tila masamang hanging umihip sa katawan ni Carol. Nabahiran ng galit ang mukha niya. Malapit na sila sa baryo nila.

“Mamang konduktor, pakitulungan nga ninyo ako dito sa mga dala-dalahan ko. Para na po diyan sa may tindahan,” biglang sigaw ni Carol bago siya tumayo at umusad na palapit sa unahang bus. Habol siya ng tanaw ng katabi niyang babae.

Pagkatigil ng bus ay agad na bumaba si Carol. Tinipon niya sa isang lugar na malapit sa tindahan ang lahat ng kanyang dala-dalahan. Umandar na ulit ang bus.

“Eleazar,” galit na anas sa sarili ni Carol. “Anak siguro siya n’ong taga-Gumaca na teacher ko noong elementary na isa sa kinamumuhian ko noon.”

Mula sa kinatatayuan niya ay malayo pa ang bahay ng abuela niya. Mahigit dalawang kilometro pa. Hindi niya iyon kayang lakarin dahil marami siyang dala. Dati ay may ilang tricycle na bumibiyahe doon pero ewan niya ngayon. Nagtanong siya sa babaeng nakatao sa tindahan. Tinulungan siya nitong mag-abang ng masasakyan. Hindi naman kalaunan ay may tricycle na dumaaan. Pinara nila iyon subalit tumanggi ang driver na isakay siya nang malaman ang lugar na pupuntahan niya. Gayon din ang pangalawa at pangatlong tricycle na dumaaan. Ang pang-apat na tricycle ay may kalumaan na at may katandaan na ang driver. Pumayag itong isakay siya nang sabihin niyang babayaran niya ito ng sobra sa pangkaraniwang singil.

Matapos na ikarga sa tricycle ang kanyang bag ay binigyan niya ng imported na sabon at isang tsokolate ang tindera para magpasalamat dito. Galak din namang nagpasalamat ito sa kanya. Umandar na ang tricycle. Habol sila ng tanaw ng nagugulumihanang babae.



Makipot ang putikang lupa na daan sa loob ng kaniyogang lugar patungo sa bahay ng kanyang abuela. Walang ipinagbago makalipas ang labinlimang taon. Paminsan-minsan ay nababalaho ang gulong ng tricycle at nagmumuntik-muntikang tumigil dahil sa hina ng luma nitong motor. Para silang nakasakay sa bangka na sinasalpok ng mga alon kapag nadaraan nila ang mga nakausling ugat ng mga punong-kahoy at mga puno ng niyog. Todo ang higpit ng kapit ni Carol sa magkabilang bahagi ng tricycle upang hindi siya mauntog. Parami rin nang parami ang mga dawag sa daang tinutugpa nila, pasukal nang pasukal. Isang ahunin ang hindi nakaya ng motorsiklo at tumigil na

ito. Kahit ano ang gawin ng driver ay ayaw na itong umandar.

“Pakibitbit n’yo na lang ang maleta ko. Hindi na kalayuan dito ang bahay ng lola ko,” ani Carol sa matandang driver.

Walang mapagpipilian, binitbit ng driver ang maleta at isang bag habang dala ni Carol ang iba at lumakad na sila. Malapit nang kumagat ang dilim. Dahil hindi naman kalayuan ang lugar na tinigilan nila mula sa bahay ng kanyang abuela ay madali nila itong narating.

“Tao po! Lola?” tawag ni Carol sa harapan ng isang maliit na dampa. Walang sumagot mula sa loob.

“Eh, kung maaari sana, Ineng, ay ibigay mo na ang bayad ko. Kailangan ko nang umuwi at gumagabi na,” may kahalong tako na wika ng driver.

Binayaran niya ito ayon sa usapan at binigyan ng dalawang kaha ng sigarilyong imported. Matapos nitong magpasalamat ay mabilis na itong umalis. Binitbit ni Carol ang ilan sa kanyang mga dala-dalahan at tinungo ang saradong pintuan ng bahay. Itinulak niya iyon pabukas.

Lalo pang nagmistulang luma ang bahay dahil sa alikabok at agiw sa loob. May ilaw ang gaserang kukutitap. Pumasok na siya at tinungo ang silid ng abuela niya. Noon niya nakita ang matanda na nakahiga sa kama habang may isang babaeng nakaupo sa silya sa tabi nito.

“Carol,” pahaw at hirap na sambit ng nakahiga.

“Ako nga po, Lola,” sagot niya.

Tumayo ang babaeng nakaupo sa tabi ng kama at tahimik na tinungo ang pintuan para lumabas ng bahay. Ni hindi ito umimik nang dumaan sa tabi ni Carol. Ewan niya kung nakita ng babae na nakangiti

siya rito. Marahil hindi dahil madilim sa loob ng bahay. Hindi na siya nag-usisa kung sino ang babae at kung ano ang ginagawa nito roon. Lumapit siya sa kanyang abuelang nakahiga.

“Kumusta na kayo, Lola?” payak na tanong ni Carol at umupo sa tabi ng matanda.

“Kay tagal ng iyong pagdating,” hirap at pagaw na bigkas nito.

“Hindi ko kasi maiwan ang trabaho ko, Lola, pati na ang asawa at mga anak ko,” tugon niya.

“Handa ka na ba? Hirap na hirap na ako...” halos ay paputol-putol na tanong ng matanda. Rumagasa ang kilabot sa buong pagkatao ni Carol.

“Saan, Lola?” patay-malisyang sagot niya kahit pa sa kaibuturan ng kanyang kalooban ay alam niya kung ano ang kahulugan ng tanong nito.

Ayaw niyang tanggapin ang katotohanang iyon at nagbabakasakali siyang iba ang tunay na kahulugan ng sinabi nito. Subalit tama ang kutob niya. Gayunpaman ay ayaw niyang isipin at lalong ayaw niyang magkatotoo iyon.

“Ang dugong nananalaytay sa ugat mo ay nagmula sa lahi ng mga isinumpa, ang lahi ng mga aswang. Ikaw na lamang ang natitira sa ating angkan, Carol. Alam mo ‘yan. Maliban sa akin ay ikaw na lamang... at ang iyong mga anak. Wala tayong pagpipilian. ‘Yon ang tradisyon.”

“Bakit ako, Lola? Ayoko!”

“Kung gusto mo ay sa iyong anak.”

“Hindi! Huwag!” pabigla at galit na sagot ni Carol.

“Wala nang oras. Kailangan ay ngayon na. Hirap na hirap na ako. Gusto ko nang matapos ito.”

“Hindi! Ayoko!” nanggipuspos na sambit ni Carol.

“Wala kang magagawa. Hindi ka makakaiwas. Wala kang mapagtataguan. Hindi ka makakatakas.”

Alam ni Carol iyon. Matagal na itong ipinaliwanag ng abuela sa kanya.

Bata pa siya noon. Sa mura niyang isipan ay hindi niya mapaniwalaan ang ukol sa bagay na iyon. Subalit sa pagdaan ng panahon ay unti-unti niyang naunawaan na totoo ang lahat.

Ang buong akala ni Carol ay matatakas niya ang tungkol doon kung kaya't sinikap niyang mapakalayo-layo. Ngunit nagsusumigaw ang katotohanang mali siya sa kanyang sapantaha. Binalewala niya ang dalawang telegramang natanggap niya buhat sa kanyang abuela, dalawang overseas call buhat sa kung sino na nagsasabing kailangan siya ng matanda at na pinauwi siya nito.

Mula noon ay sari-saring masamang panaginip at pangitain ang pilit niyang pinaglabanan. Pilit din niyang pinaglabanan ang takot na umuusbong sa kanyang dibdib.

Ngunit nang hapong iyon, nang masaya niyang sinalubong si Peter sa pintuan ng bahay nila, nang bigla ay umihip nang buong-lakas ang hangin sa buong bahay nila at isang lampshade ang parang may isip na umangat sa kinalalagyan nito at tinangkang hampasin sa ulo ng asawa, ang nag-iisang taong pinakamamahal niya...

Nag-uukilkil sa kanyang isip at kalooban ang naghuhumiyaw niyang puso at damdamin sa pagtutol sa maaaring mangyaring kapahamakan ng kanyang asawa. Noon nabuo ang kanyang loob na gagawin niya ang lahat para sa kaligtasan nito at ng mga anak. Upang huwag mapahamak ang sinuman sa mga ito ay



tutuparin niya ang binitawang pangako sa kanyang abuela bago siya umalis ng bansa noon.

*“Mangako ka. Isumpa mo na babalik ka dito sa takdang panahon, sa takdang oras, Carol,” mariing paalala ng kanyang abuela nang magpaalam siya dito.*

*“Opo, Lola,” matabang niyang tugon.*

*Lumakad na siya. At habang palayo siya sa bahay na iyon ay dinig na dinig pa niya ang halos ay pasigaw na pahabol na salita ng matanda.*

*“Kapahamakan mo at ng mga taong malapit sa iyo ang kakamtin kapag hindi ka nagbalik sa takdang panahon, Carol. Pakatandaan mo sana iyan!”*

Katahimikan ang namagitan sa mag-abuela. Nagpapaunawa at nagpapahabag ang mababanaag ni Carol sa hapis na mukha ng matanda buhat sa mapusyaw na liwanag ng gasera. Kakaiba noon. Noong siya ay bata pa, madalas nanlilisik ang mga mata nito na animo palaging galit. Nawala na rin ang mga bakas ng pagtawa nito na nakakarinding pakinggan. Wala na rin ang mabalasik at matipuno nitong kaanyuan.

Napakaistrikta ng abuela sa kanya noon sa kabila ng lihim na pagmamahal na nadarama nito sa kanya. Alam ni Carol na mahal na mahal siya ng abuela. Ayaw sana siya nitong papag-aralin sa kolehiyo subalit nagpilit siya at nagsumikap upang makapag-aral. Sa huli ay lubos na rin siyang tinulungan ng matanda.

Nang magtapos ng elementarya si Carol sa Atimonan ay pumasok siyang tagapag-alaga ng bata sa kapatid ng isa niyang titser na sa Maynila nakatira. Hindi rin mabait ang mga ito sa kanya ngunit pinagtiyagaan niya dahil pinayagan siya ng mga ito na makapag-aral sa gabi. Tapos na siya noon ng high school nang matanggap siya sa isang burger

house bilang isang server. Nakapagpatuloy siya ng pag-aaral sa kolehiyo sa tulong na rin ng kanyang abuela, Nursing ang kinuha niya at tinapos. Aral-trabaho ang ginawa niya hanggang sa makatapos.

Tumayo si Carol, dinako ang bintana at humugot ng isang malalim na buntong-hininga. Madilin na ang paligid. Huni na lamang ng pang-gabing ibon at mga hayop ang maririnig. Pilit na nagsisiksik ang liwanag ng bilog na buwan sa pagitan ng mga dahon sa kasukalan. Tama ang halos lahat ng hinuha niya kung bakit kahit anong pilit niya ay ayaw ng abuela niyang sumunod sa kanya sa Estados Unidos. Ayaw din nitong lumipat ng ibang tirahan.

Buhat sa probinsya ng Capiz sa Bisaya ay nagtungo sila sa lugar na ito ng Quezon Province dahil may mga kamag-anak daw sila dito. Subalit sa tagal ng panahong itinira niya sa lugar na iyon noong siya ay bata pa ay wala siyang nakilalang kahit isang kamag-anak. Kung meron mang mga taong nagpupunta sa kanila ay inis at pagkaantipatika ang nadarama niya sa mga ito. Katulad ng kanyang abuela ang mga kilusin at galaw ng mga ito. Minsan ay nagtatawanan ang mga ito na parang nakakaloko at alam niyang siya ang pinagtatawanan. Kung bakit ay hindi niya malaman ang dahilan.

Noon.

Iba na ngayon. Alam na alam na niya ang tunay na dahilan.

Maging noong elementary ay wala siyang naging kaibigan. Takot at inis ang mga kaklase niya sa kanya. Iniiwasan siya ng lahat. Palaging may galit kung siya ay itrato ng guro niyang si Gng. Eleazar na taga-Gumaca. At bago siya nakatapos ng elementarya ay

napakaraming hirap ang dinanas niya sa titser niyang si Mr. Rodillas. Tanging ang janitor ng paaralan na si Mang Godo ang mabait at nagtatanggol sa kanya.

Tandang-tanda pa niya noong awayin siya ng isa niyang kamag-aral na babae at napilitan na siyang lumaban. Napabagsak niya ang kaaway at kinubabawan niya iyon subalit mula sa kung saan ay hinablot Mr. Rodillas ang buhok niya para hilahin siya patayo. Galit na susugurin pa sana ni Carol ang kaaway na kaeskuwela, subalit marahas siyang pinigilan ng titser at inundayan ng sampal na ikinatihaya niya sa lupa.

Ramdam na ramdam ni Carol ang sakit sa ginawa sa kanya ng titser, hindi lamang mula sa sampal ngunit pati na ang sakit ng pag-alipusta sa kanya. Bumangon si Carol, galit na galit, at tangkang kakalmutin sa mukha ang titser subalit mahigpit na siya nitong nahawakan at pabaliting pinigilan. Noon dumating si Mang Godo at inawat sila.

Todo ang hagulgol niya noon. Magkahalong sakit ng katawan at pagkaapi ang kanyang nadama. Siya pa rin ang sinisi at siya ang na-suspend ng principal dahil sa maling sumbong ng guro.

Kinabukasan, natagpuang patay si Mr. Rodillas. Wakwak ang tiyan nito at nawawala ang lamang-loob. Ang sabi ay kagagawan daw ng kung anong hayop.

Mula noon ay napansin na niyang lagi pala siyang binabantayan ng matalas na mga mata ni Mang Godo, lihim siyang pinagmamasadan.

Sumigid sa kalamnan ni Carol ang lamig ng gabi.

“Carol. Oras na, Carol,” wika ng kanyang abuela.

“Lola, ayoko,” nagsusumamong tugon niya.

“Parang awa mo na. Hirap na hirap na ako. Ikaw lamang ang puwedeng tumapos nito.”

“Paano ako? Paano ang pamilya ko?”

“Ikaw ang may katawan. Nasa iyo ang paraan...”

“Hindi! Ayoko!” diin ni Carol.

“Kahit mangahulugan ito ng kapahamakan ni Peter?”

Animo’y binuhusan si Carol ng napakalamig na tubig. Namutla siya sa takot. Gumuho ang kahulihuhilang katatagan sa kanyang dibdib. Nanlambot ang kanyang mga tuhod. Umikot ang buong paligid sa paningin niya.

Alam ng kanyang lola.

Anong kapangyarihan mayroon ang kanyang abuela at alam nitong si Peter ang susi sa lahat!

*UMIWAS KA SA MGA BUNTIS, SA MGA BATA, SA MGA MAY SAKIT LALONG-LALO NA ‘YONG MGA NAKARATAY. IWASAN MONG MAGALIT, ‘YONG TODONG GALIT. PINAKAMABUTING GAWIN AY ANG PAGKAIN SA GABI...*

“Kunin mo sa pamamagitan ng iyong bibig ang batong itim na lalabas sa bibig ko. Pagkatapos ay lunukin mo...”

Humugot ng isang malalim na hininga ang matanda at dumaing ng napakalalim. Nawala ang itim sa mga mata nito. Mayamaya pa ay nangingig ang buo nitong katawan. Bumuka ang bibig ng kanyang abuela at buhat doon ay inilitaw ang isang batong itim. Nagtatalo ang isip at kalooban ni Carol habang nababaghang nakatitig sa matanda. Subalit nanaig ang pag-ibig niya kay Peter, ang kaligtasan ng taong pinakamamahal niya.

Tumiim ang kanyang anyo dahil sa isiping iyon. Bilang isang nurse ay marami na siyang nagawa at nasaksihan. Marahil ay isa na naman itong pagsubok,

isang bagong karanasan. Inilapit niya ang kanyang mukha sa mukha ng abuela. At kinuha ng bibig ni Carol ang batong itim buhat sa bibig ng matanda at nilulon niya iyon. Iyon lang at pumikit na ang kanyang lola at tuluyan nang pinanawan ng hiram nitong buhay.

### 3

“Tayo ang bagay, Carol. Ang mga tulad natin sa mundong ito ang bagay,” nagsusumamong paliwanag ng kapuwa niya food server na si Pol. Mangilan-ngilan lamang noon ang mga kumakain sa burger house na pinaglilingkuran nila.

“P’wede bang tigilan mo ako, Pol?” inis na wika niya.

“Eh kelan mo ba kasi ako sasagutin?” tanong ng lalaki.

“Eh ‘di ba’t lagi naman kitang sinasagot basta’t nagtatanong ka?” mataray na ang tono niya habang nakairap dito at nakapamewang.

“Ibig mong sabihin ay mahal mo rin ako?” nananalakab na tugon ng lalaki.

“Ano? ‘Di ah! Wala pa sa bukabularyo ko ang mga bagay na ‘yan,” gitla niyang sagot. “At saka hindi ang isang katulad mo lamang ang magugustuhan ko. Kung ikaw rin lang naman ay magpatuka na lang ako sa ahas. Kaya tigilan mo na ako ng kakukulit mo, pwede ba?” sarkastikong pahayag ng dalaga.

Nasaktan ang lalaki sa tinuran niya, at alam ni Carol iyon. Kitang-kita niya iyon sa pamumula ng mukha at mga tenga nito ngunit hindi niya iyon ikinabahala. Gusto talaga niyang masaktan ang binata upang itigil na nito ang panliligaw sa kanya. Ayaw niyang may nanliligaw sa kanya. Sagabal iyon sa kanyang pag-aaral at sa kanyang mga pangarap.

“Pareho lang ang kulay ng ating dugo, Carol. Malalaman mo din ‘yan pagdating ng araw,” mapait na wika ni Pol. Matapos ay tumalikod na ito at ipinagpatuloy ang ginagawa.

“Sino’ng tinakot mo?” bulong niya sa sarili na nakatikwas ang nguso. Prangka siya. Sinasabi niya ang ayaw at gusto niya. Pinatibay na ng maraming karanasan ang kalooban niya. Kailangan niya ng matibay na kalooban, iyon ang kanyang sandata, ang tanging mabisang sandata na gagamitin niya sa buhay.

Ayaw niya kay Pol dahil naiinis siya rito. Sa tuwing makikita niya ang binata ay para bang lagi siyang bumabalik doon sa bahay ng abuela niya sa Atimonan. Para bang isa si Pol sa mga taong nagpupunta doon. Tulad kasi ng mga ito kumilos ang lalaki. Ang animo’y nakakalokong pagtawa, ang nanlilisik nitong mga mata, naaalala niya ang abuela niya sa kung paano kumilos si Pol. Lalo itong kinainisan ni Carol.

Tulad na lang niyong lalaking masugid na nanligaw sa kanya noong mag-Rural Service siya sa Cagayan, si Celso Arellano. Malayong lugar ang pinili niya sa pagbabaka-sakaling makatagpo siya ng ibang kapalaran doon, pero maliban kay Celso ay walang ibang nangahas na manligaw sa kanya doon. Ewan ni Carol kung bakit.

May nakapagsabi sa kanya na kinatatakutan doon si Celso. Hindi niya maintindihan. Hindi naman kalakihang lalaki upang katakutan sa obserbasyon niya.

Hindi kalaunan ay may isang naglakas-loob na nanligaw sa kanya, si Roy, isang kawani sa isang bangko doon. Nang mapag-alaman ni Celso na nanliligaw si Roy sa kanya ay galit na kinausap ng una ang binata.

Hindi nagpakita ng takot si Roy kay Celso at sa halip ay nagpatuloy ito sa panliligaw kay Carol.

Hindi pa lumilipas ang isang linggo ay natagpuang patay si Roy. Walang makapagpaliwanag kung ano ang ikinamatay nito. Wakwak ang tiyan nito nang matagpuang nakahandusay sa 'di kalayuan mula sa bahay na tinitirahan ni Carol.

Halos lahat ng paraan ay ginawa ni Celso upang mapaibig si Carol subalit wala talagang pagtingin dito ang dalaga. Sa halip ay inis at naaantipatikuhan siya rito. Gaya ni Pol.

Isang gabi, pinasok ni Celso ang silid-tulugan ni Carol upang siya ay pagsamantalahan. Huli na nang mamalayan niya na nakapasok na pala ang lalaki sa loob ng silid niya. Mabilis ang mga pangyayari. Akap-akap na siya ng binata at tangka na siyang gagahasain. Gayunpaman ay hindi siya karakang nawalan ng loob. Nanlaban siya. Kalmot, sipa at kung anu-ano pang pagsusumikap na paraan ang ginawa niya upang hindi maisakatuparan ng lalaki ang hangarin nito sa kanya.

Ngunit higit ang lakas nito sa kanya. Nagpambuno silang dalawa sa loob ng silid. Isang matinding suntok sa sikmura ni Carol ang dagling nagpahina sa kanya. Nangapos ang kanyang paghinga. Ramdam niya na malapit na siyang panawan ng ulirat. Pilit niyang pinaglalabanan ang kanyang nararamdaman, subalit nagdidilim na ang paligid.

Bigla, buhat sa kung saan ay lumitaw doon sa silid na iyon ang kanyang abuela. Sa kabila ng nanlalabo na niyang mga paningin ay kitang-kita ni Carol ang galit sa mukha ng matanda. Nanlilisik ang mga mata nito. Hindi na niya maintindihan ang mga katagang sinasabi ng kanyang abuela kay Celso na tahimik lamang na



nakinig sa matanda. Dikawasa'y tumalon palabas ng bintana ang lalaki.

Marahan siyang binuhat ng kanyang abuela at muling inihiga sa kama at kinumutan. Ramdam ni Carol ang masuyong pag-aaruga sa kanya ng matanda. Noon nanumbalik ang kanyang ulirat.

“Lola?” pagulantang na sambit ni Carol.

Subalit wala siyang nakitang abuela sa tabi niya. Nagtataakang iginala niya ang paningin palibot ng silid. Naroon ang lahat ng bakas ng tangkang panghahalay ni Celso sa kanya. Nagkalat ang mga gamit, ang mga unan at iba pa. Nananakit pa rin ang sikmura niyang sinuntok nito at ang mumunting galos na tinamo niya buhat sa pakikipaglaban dito.

Subalit wala na ang dalawa. Noon niya napagtanto na hindi siya pinababayaan ng kanyang abuela kahit nasa malayo pa siya. Magmula noon ay hindi na nakita ni Carol ni anino ni Celso.

Nang matapos niya ang kanyang Rural Service sa Cagayan ay natanggap naman siya bilang isang nurse sa Quezon Memorial Hospital sa lungsod ng Lucena. Bagama't malapit lamang ang Lucena sa Atimonan ay bihirang-bihira pa rin siyang umuwi upang dalawin ang kanyang abuela. Mahigit ding sang taon siyang naglingkod sa ospital bago lumabas ang resulta na pumasa siya sa eksamen ng mga nurse na nag-apply magtrabaho sa United States.

Sobrang tuwa ang nadama niya sa puso niya sa kaalamang iyon. Iyon ang sandaling kanyang pinakahihintay, ang makapagtrabaho sa ibang bansa. Punong-puno ang dibdib niya ng 'di maipaliwanag na tuwa at panibagong pag-asa.

Noon lamang nakita ni Carol sa kanyang abuela

ang pagkalito, panghihina ng loob, at takot matapos na malaman ng matanda ang nakatakda niyang pag-alis. Ang dating matigas at mabalasik nitong anyo ay dagling napalitan ng panlulumo. At sa kaibuturan ng puso ni Carol ay alam niyang nandoon din ang lungkot, subalit pilit niyang pinapawi iyon kapalit ng panibagong pag-asang dulot ng pagtatrabaho sa ibang lupain.

Sa kabila ng lahat ay alam niya kung gaano siya kamahal ng kanyang abuela bagama't hindi iyon naipakita ng matanda. May mga sandali, habang siya ay natutulog noong siya ay bata pa, na buong pagmamahal siya nitong tinititigan. Hinahaplos nito ang kanyang ulo ng buong pagmamahal. Alam niya iyon.

Paminsan-minsan din ay lumuluwas ang kanyang abuela upang dalawin siya noong nag-aaral pa siya. At lumalakas ang kanyang loob sa kamalayang hindi siya nag-iisa, na mayroong isang taong nagmamahal sa kanya.

Malaki rin ang naitulong nito sa kanyang pag-aaral. At higit sa lahat, sa kabila ng anupaman, ang kanya pa ring abuela ang matiyagang kumalinga at nagpalaki sa kanya.

Ang abuela ni Carol, ang mga taong napupunta sa bahay nila sa Atimonan, si Mang Godo, si Celso Arellano, si Pol Garci...

Kung ganoon ay totoo nga ang sinasabi ni Pol, sila nga ang magkakauri, ang magkakabagay.

Ilan kaya sila sa mundong ito? Marahil ay marami.

Paano si Peter? Katulad din kaya nila ito? Imposible! Iba si Peter. Sa loob ng labindalawang-taon nilang pagsasama bilang mag-asawa ay wala siyang nakitang kahit anong bakas na katulad nila ito. Bukod pa roon ay purong Amerikano ito!

“Puti siya, at walang tulad namin doon sa America,” bulong ni Carol sa sarili.

“May I offer you a drink, ma’am?” tanong sa kanya ng flight attendant.

Naaalimpungatan siyang tumugon, “Ah, eh, wine please.”

“Red or white?”

“Red,” aniya.

Matapos dulutan si Carol ng flight attendant ng pagkain at inumin ay kumain na rin siya. Habang kumakain ay patuloy pa ring naglalakbay ang isipan niya. Humigit-kumulang pang pitong oras ang liliparin ng eroplanong sinasakyan niya pabalik sa Los Angeles, California. Sabik na sabik na siyang makauwi. Alam niyang naghihintay doon ang pamilya.

Lalo siyang nainip sa kaisipang iyon. Dagli siyang nabagot sa paglalakbay. Pakiramdam niya ay may kung ilang taon na silang nagkahiwalay na mag-anak. Sabik na sabik na siya kay Peter. Siguradong nangulila ito sa kanya. Ikinrus niya ang mga binti dahil naisip ang maaaring mangyayari pagsapit nila sa kanilang bahay. May kung anong kiliti siyang nadama buhat sa kanyang kaibuturan.

Alam niya kung paano humalik si Peter. Maalab iyon. Paliliguan muna siya nito ng halik sa buo niyang katawan. Hindi nito malaman kung saan siya unang hahaplasin. Hindi siya titigilan ng asawa hangga’t hindi siya nagmamakaawa rito. Lagi na ay naaabot niya ang kasukdulan tuwing sila ay magniniig. Isa, dalawa, higit pa kung minsan.

Naiinggit nga sa kanya ang kapit-bahay nilang si Lorraine dahil medyo may katabaan kasi ang asawa

nito. Hindi katulad ni Peter na macho. Lalo naman niya itong iniinggit sa tuwing magkakakwentuhan silang dalawa. Alam niyang may lihim na gusto ang babae sa kanyang asawa.

Biglang rumagasa ang pangamba sa puso ni Carol bago iyon napalitan ng poot. Alam niya na may kakirihan ang babaeng iyon. Palagi si Lorraine sa kanilang bahay, kunwari ay napadaan lang o kaya ay makikipagkwentuhan sa kanya ngunit lagi nitong itinataon na naroon si Peter.

Paminsan-minsan ay nahuhuli niyang nakatitig ito sa kanyang asawa na may kahalong pagnanasa. Alam niya ang ugali ng kapit-bahay nilang iyon. Baka may kung ano ng nangyayari sa pagitan ng asawa niya at ni Lorraine. Madali pa namang matukso ang mga lalaki.

“Mapapatay kita, Lorraine,” gigil na anas ni Carol sa sarili.

Marahan niyang inangat ang maliit na basong plastic na may lamang alak upang inumin ang laman niyon. Nang iinumina na niya ang laman ng baso ay biglang naging dugo ang laman niyon. Dahil sa matinding kabiglaanan ay naitapon niya ang likido.

Todo ang hingi niya ng paumanhin sa lalaking katabi niya nang matalsikan ito ng alak.

“Oh! I’m so sorry!”

Pero kakaiba sa inaasahan niya ang tugon sa kanya ng lalaki. “Talagang ganyan sa umpisa. Masasanay ka rin.”

Ano ang ibig sabihin nito? Na hindi siya sanay na sumakay ng eroplano? Na noon lang siya nakatikim ng ganoong klaseng alak?

Muli niya itong sinulyapan para irapan, pero may ngiti ito sa kanya na ‘di niya mawari. May kung

anong pagkainis siyang nadama bago iyon napalitan ng pagkalito.

Tulad din ba ito ni Celso? Ni Pol? Tulad niya? Mabilis niyang inilihis ang itinatakbo ng kanyang kaisipan. Kinalma ni Carol ang sarili. Agad niyang binale-wala ang mga katanungan sa kanyang isipan. Wala siyang panahon para doon. At gagawin niya ang lahat upang mawala ang kahit anong tatak niyon sa kanya.

Maraming paraan, napakarami. Bakit naging America pa ang America kung hindi iyon makagagawa ng lunas para sa kanya. Muli siyang nabuhayan ng pag-asa. Muling lumakas ang kanyang loob. Nagpatuloy siya sa kanyang pagkain. Patuloy ang eroplano sa paglipad sa himpapawid.



Maraming tao sa *Los Angeles International Airport*.

Isa si Carol sa mga iyon na matuling kumikilos, dala ang kanyang mga kagamitan. Tulak-tulak niya ang isang cart at mabilis siyang nagtungo sa daang palabas ng paliparan.

“Sweetheart!”

“Mommy! Here!”

Mabilis niyang nasundan ang pamilyar na mga tinig. Parang lumilipad na tinungo ni Carol ang pinagmumulan ng mga boses. Tuwang-tuwa siya. Mahigpit siyang niyakap ni Peter at hinalikan. Pagkatapos niyon ay hinalikan din siya ng kanyang anak na si Bruce. Humalik din si Jenny sa kanya na halatang nasasabik din sa ina nito.

Hindi na makapa ni Carol ang inis sa dibdib niya para sa kanyang panganay at pakiramdam niya ay ganoon din ang anak niya sa kanya. Marahil ay napawi

na iyon ng ilang araw nilang hindi pagkikita bagama't medyo ilag pa rin ito sa kanya. Hindi na pinansin iyon ni Carol. Ang mahalaga ay kapiling na niyang muli ang mga mahal niya sa buhay. Gagawa na lamang siya ng paraan upang magkalapit silang mag-ina sa mga darating na panahon.

Ilang minuto pa at lulan na sila ng kanilang sasakyan papauwi sa kanilang tahanan.

"Welcome home, Carol!" punong-puno ng kaligayahang sambit niya sa sarili nang marating nila ang bahay.

Masaya sana niyang bubuksan ang pintuan ng kanilang tahanan nang gulantangin siya ng mga kahol ng asong alaga ni Jenny. Galit na galit ito kay Carol at animo'y takot na takot. Tahol at alulong ang ginawa ng aso pagkakita nito sa kanya.

Hindi naman niya malaman ang gagawin. Ilang saglit siyang parang itinulos sa pagkakatayo. Matuling tinakbo ni Jenny ang alagang aso, kinarga at pinatahimik pero alumpihit pa rin ang aso.

"Spicky, it's Mommy," wika ni Jenny sa aso na patuloy pa rin sa mahinang pag-ungol. Nalilitong ipinasok ng dalagita ang alagang aso sa loob ng silid nito. Patuloy pa rin iyon sa pagtahol at pag-angil.

Inasikaso na lang ni Jenny ang kanyang mga dala. Kinuha niya ang mga pasalubong niya para sa mga bata, otap biscuits, mango preserves, matamis na bao, halayang ube, at tikoy. Hindi malaman ng dalawang bata kung alin ang unang kakainin. Tinikman ng mga ito ang lahat.

Nanlalambing na lumapit sa kanya si Bruce. "Kwentuhan mo naman kami, Mommy."

Inumpisahan ni Carol ang kuwento niya mula sa

kanyang pag-alis sa *Los Angeles International Airport*, ang biyahe niya, hanggang sa dumating siya ng Pilipinas. Ikinuwento rin niya ang mga puno ng niyog na dinaanan niya habang sakay ng bus, ang mga tulay ng ilog at mga sapang kanilang dinaanan at ang mga magagandang tanawin na muli niyang nasilayan sa pag-uwi niyang iyon.

Pero lahat lamang ng magaganda ang ibinida niya. Iniwasan niyang madako doon sa tunay na dahilan ng pag-uwi niya ng Pilipinas. Binigyan niya ng makabuluhang kasaysayan ang kanyang abuela sa pananaw ng kanyang kabiyak at mga anak, ang pagmamahal at pag-aaruga sa kanya ito at ang mga pangaral.

May katagalan din silang nagkuwentuhan bago nila naisipang kumain ng hapunan. Medyo pagabi na at madilim na sa labas ng kanilang tahanan. Matapos nilang kumain ay sinamahan na niya si Bruce sa higaan nito upang matulog. Isang masuyong halik at malambing na “good night, Bruce” ang iginawad niya dito.

“I love you, Mom.” Iyon at tumagilid na ng higa ang bata upang matulog.

Matapos lumabas ng silid ni Bruce ay pinatay ni Carol ang ilaw sa silid nito. Dinako niya ang silid ni Jenny at marahang binuksan ang pintuan niyon para gawaran din sana ng halik ang panganay subalit galit na nagkakahol muli si Spicky pagkakita sa kanya.

Dinampot itong muli ng anak pero patuloy pa rin sa pagkahol at pang-angil sa kanya.

“It’s okay, Mommy. Good night,” ani Jenny habang hawak ang alagang aso.

“Good night, Jenny. I love you,” masuyong wika

niya.

Halatang medyo nanibago ang anak sa tinuran ng ina dahil hindi iyon madalas sambitin ni Carol dito. Masayang ngumiti ang dalagita.

Hindi na nagtangkang tumuloy si Carol sa silid. Pinatay na lamang niya ang ilaw at ipininid ang pinto. Medyo nagugulumihan siyang humakbang papalayo doon upang pumasok na sa silid nilang mag-asawa.

Hindi dating ganoon si Spicky sa kanya. Maamo sa kanya ang aso. Noon, malayo pa siya ay sumasalubong na ito sa kanya. Ang ilang araw na pagkawala niya sa bahay nila ay hindi mangangahulugan na agad siyang nakalimutan ng aso. May naiibang dahilan. At alam ni Carol kung ano iyon.



Medyo maalinsangan ang gabi. Bumangon mula sa higaaan si Carol. Dahan-dahan siyang umunat at tumayo, iniingatan niyang huwag magising si Peter. Pagod ito. Pinagod niya. Napangiti siya pagsulyap sa kabiyak.

Sinuotan niya ng roba ang hubad niyang katawan. Mula sa mesita ay kinuha niya ang pakete ng sigarilyo at nagsindi siya ng isa. Malalim ang kanyang bawat paghitit, ninanamnam ang sarap na dulot niyon. Dinako niya ang bintana at marahang hinawi ang kurtina upang makita niya ang tanawin sa labas. Madilim ang gabi. Natatakpan ng mga ulap ang sikat ng buwan. Mula sa kalayuan ay aninag niya ang isang papalapit na sasakyan.

Malayo pa ang sasakyan ay alam na niyang si Frank ang lulan niyon, ang asawa ni Lorraine. Malinaw niya itong nakikita. Tuloy-tuloy ang kotse sa bahay ng mga ito. Mangilan-ngilan pa lamang ang



bahay sa subdivision nila at ang bahay ng dalawa ang pinakamalapit sa kanila.

Mula sa kinatatayuan ni Carol ay malinaw niyang nakikita si Frank. Alam niyang lasing ito.

“Away ito,” nangingiting anas niya sa sarili. Wala sa hinagap ng isip ni Carol na madilim ang gabi at hindi pangkaraniwang makikita ng maayos ninuman si Frank sa layo nito mula sa kanya.

Lalo niyang pinagbuti ang pagsipat sa kabilang bahay. Subalit nang matapos maigarahe ni Frank ang kotse nito at makapasok na sa loob ng bahay ay wala nang maaninaw si Carol. Pumihit na siya at marahang babalik na sana sa kama nilang mag-asawa upang matulog subalit bigla siyang napatigil nang...

“Walanghiya ka! Umuwi ka pa!” nagtutungyaw sa galit na boses ni Lorraine. “At anong oras na ba sa akala mo? Oras pa ba ito ng uwi ng isang taong may asawa? Aba, Frank!”

Nabigla si Carol, nagulumihanan. Malinaw niyang naririnig ang mga sinasabi ni Lorraine sa loob ng bahay ng mga ito. Noon pa lamang biglang pumasok sa isip niya na sa kabila ng kadiliman ng gabi ay malinaw niyang nakita si Frank buhat sa malayo. Maging ang ayos nito at ang pagkalasing ay klaro niyang nakita na imposibleng makita ng normal na mga mata.

Tumalas ang kanyang paningin at pandinig!

Bigla niyang naisara ang kurtina at bumalik na siya sa kama. Ngunit dinig na dinig pa rin niya ang ingay ng pagtatalo ng mag-asawa, ang mga kasangkapang nabasag, ang mga kalabugan. Nagtataka si Carol sa kanyang sarili. Pilit niyang ipinagwalang-bahala iyon. Tinakpan niya ng unan ang magkabila niyang tenga, bahagyang humina ang mga naririnig niya sa

kabilang bahay. Sumukob siya sa kumot nila ni Peter at yumakap sa asawa. Pinayapa ni Carol ang kanyang sarili at pinilit na makatulog muli.